

# COORDINATED FAMILY SUPPORT (CFS)

## FACT SHEET PARA SA MGA KONSUMERS AT PAMILYA

---

### Ano ang CFS?

Ang CFS ay isang bagong serbisyo na dinisenyo partikular para sa mga adulto na may kapansanan sa pag-unlad na pinili na mamuhay kasama ang kanilang mga pamilya. Binuo ang CFS bilang tugon sa mga pamilya tungkol sa kawalan ng mga serbisyo para sa mga adultong mga konsumer na piniling manirahan sa tahanan ng kanilang pamilya.

Ang mga serbisyo ng CFS ay pinasadya, pang-indibidwal, at angkop na matugunan ang mga pagbabagong mga pangangailangan at mga pinili ng mga indibidwal na binibigyan ng serbisyo kasama ang kanilang mga pamilya/tagapangalaga.

### Mga Suporta ng CFS

Dinisenyo ang CFS upang tumulong sa iyo at sa iyong pamilya na makikoordina at mag-iskedyul sa mga serbisyo na iyong natanggap. Ang CFS ay maaaring makatulong sa iyo at sa iyong pamilya na malaman ang tungkol sa iyong diagnosis at makatulong sa pagplaplano ng iyong hinaharap, at makatulong na rin na malaman kung paano ma-access ang karagdagang serbiusyo na maaaring kang kwalipikado. Ang CFS ay maaaring makikoordina sa pagsasanay sa mga tao na sumusuporta sa iyo upang mas mabuting makahanda sa trabaho para sa iyo at sa iyong pamilya. Ang CFS ay maaaring makatulong sa iyo na maitukoy ang transportasyon, back-up na tagapagakaloob, at nakakatulong na malaman ang tungkol sa pansariling adbokasiya na mga grupo sa iyong lugar. Ang CFS ay maibibigay sa iyong wika at sa paraan na rumerespeto sa iyong kultura. Ikaw ay tutulong na dumisensyo at pasadyain ang serbisyo ng CFS.

### Sino ang karapat-dapat para sa CFS?

Ang CFS ay para sa mga adulto (18 na taong gulang at pataas) na naninirahan kasama ang kanilang pamilya.

### Paano ako makakapagpatala para sa CFS?

Kung ikaw ay naninirahan sa iyong tahanan kasama ang iyong pamilya at sa tingin mo kailangan mo ng CFS, ipagbigay alam sa iyong Koordinator ng Regional Center Service. Sila ay mag-iiskedyul ng isang pagpupulong ng lupon ng IPP upang mapagpasyahan kung paano makakatulong ang CFS sa iyo at sa iyong pamilya. Kung ikaw ay sinagguni para sa CFS ang tagapagkaloob ay makikipagpulong sa iyo at sa iyong pamilya upang pag-usapan ang tungkol sa nais mong makamtan sa paggamit ng CFS. Sama-sama, ang tagapagkaloob ng CFS, kasama ka at ang iyong pamilya, na maghahanda na maitukoy aling mga serbisyo ang iyong kinakailangan at paano makakatulong ang tagapagkaloob sa iyo.

### Mga Survey ng CFS

Ang Department of Developmental Services ay interesado kung paano makakatulong ang CFS sa iyo at sa iyong pamilya. Ikaw ay hihilingin na kumpletuhin ang isang napakaikling survey kapag nag-umpisa na ang mga serbisyo isa o dalawang deses habang tinatanggap ang serbisyo. Ito ay makakatulong sa Departamento na malaman kung nagagampanan ng CFS para sa iyo at sa iyong pamilya sa buong Programa.



# COORDINATED FAMILY SUPPORT (CFS)

## FACT SHEET PARA SA MGA POTENSIAL NA MGA TAGAPAGKALOOB

### Tungkol sa CFS:

Ang Coordinated Family Support (CFS) ay isang bagong serbisyo na dinisenyo partikular para sa mga adulto na may kapansanan sa pag-unlad na pinili na mamuhay kasama ang kanilang mga pamilya. Binuo ang CFS bilang tugon sa mga pamilya tungkol sa kawalan ng mga serbisyo para sa mga adultong mga konsumer na piniling manirahan sa tahanan ng kanilang pamilya.

Ang mga serbisyo ng CFS ay pinasadya, pang-indibidwal, at angkop na matugunan ang mga pagbabagong mga pangangailangan at mga pinili ng mga indibidwal na binibigyan ng serbisyo kasama ang kanilang mga pamilya. Disenyo ang CFS na makatulong sa mga adulto na makatanggap ng mga serbisyo sa sentro ng rehiyon at sa kanilang mga pamilya na makikoordina at pag-iskedyul ng mga serbisyo at mga suporta. Ito rin ay makakatulong sa kanila na malaman kung paano maaaccess ang karagdagang “generikong” mga serbisyo na maaari silang kwalipikado. Ang CFS ay maaaring makakatulong sa pagplaplano para sa hinaharap upang malaman ang lahat kung ano ang nais ng mga indibidwal na malaman kung nagbago ang sitwasyon ng kanilang buhay. Ang CFS ay maaaring makikoordina sa pagsasanay para sa mga tao na sumuporta sa indibidwal at sa kanilang mga pamilya, upang sila ay mas makahanda na makipagtulungan sa kanila. Ito ay maaaring makatulong na maitukoy ang transportasyon at back-up na tagapagkaloob. Maaaring makatulong ang mga tagapagkaloob ng CFS sa mga indibidwal para sa pansariling adbokasiya sa mga grupo sa lugar. Ang mga suporta na ibinibigay sa pamamagitan ng CFS ay maibibigay sa paraan na rumerespeto sa kultura, etnisidad, at piniling wika ng mga indibidwal at ang kanilang pamilya.

Ang Departamento ay nagtalaga ng rasyon ng pagtatasa at probisyon ng serbisyo ng CFS. Makikita ang karagdagang impormasyon sa: <https://www.dds.ca.gov/services/coordinated-family-support-service/>

### Potensyal na Tagapagkaloob ng CFS:

Ito ay isang kakaibang oportunidad na gamitin ang kalaaman, kasanayan at mga abilidad upang matugunan ang lumalaking pangangailangan sa magkakaibang mga komunidad sa buong California. Ang kasalukuyang mga serbisyo ay inuudyok na isaalang-alang ang pagpapalawak ng kanilang mga portfolio ng serbisyo kasama ang CFS. Ang iba na may interes sa pagbibigay ng serbisyo sa mga indibidwal na may kapansanan sa pag-unlad at sa kanilang mga pamilya, lalo na sa magkakaibang pinaggalingan, ay inuudyok din ang pagiging tagapagkaloob ng CFS. Kinakailangan ang mga tagapagkaloob ng CFS na maging “vendorized” o “tagatinda” ng sentro ng rehiyon at matugunan ang sumusunod na pangangailangan:

- Ang mga tauhan ng CFS na nagtrabaho kasama ang mga pamilya ay kailangan na makipag-ugnayan sa piniling wika ng konsumer at kailangan na rumerespeto sa konsumer at kultura ng pamilya.
- Ang mga tauhan ng CFS na diretsong nakikipagtulungan sa kanilang pamilya ay kailangan na may natapos na Associates degree sa serbisyong pangkatauhan na kurso O 3 taon ng karanasan sa pagkoordina/paglayag na mga serbisyo.
- Ang tauhan na tagapangasiwa ay kailangan na may natapos na Bachelors degree sa serbisyong pangkatauhan na kurso O isang Associates degree sa serbisyong pangkatauhan na kurso ng pag-aaral at 3 taon ng karanasan sa pagkoordina/paglayag na mga serbisyo.

Upang malaman ang tungkol sa CFS at proseso ng pagtitinda, makipag-ugnay:

Raquel Zaragoza, M.A. P: 858-576-2854 E: Raquel.Zaragoza@sdrc.org  
Robert Webb-Rex, M.B.A. P: 858-496-4355 E: Robert.Webb-Rex@sdrc.org



SDRC  
San Diego Regional Center